IJNRD.ORG ISSN : 2456-4184
INTERNATIONAL JOURNAL OF NOVEL RESEARCH AND DEVELOPMENT (IJNRD) | IJNRD.ORG
An International Open Access, Peer-reviewed, Refereed Journal

# HISTORIKO-KULTURAL NA PAMANA SA MGA BARCELONANON

**[1]Geraldine Mae B. Dapyawin, [2]Joshua E. Oyon-Oyon**

Sorsogon State University
Paaralang Gradwado
Lungsod Sorsogon

***Abstrak:*** Natiyak sa pag-aaral na ito na malaman ang mga historiko-kultural na pamana sa mga Barcelonanon. Deskriptib-kwalitatibong disenyo ang ginamit sa pananaliksik na ito upang malaman ang mga historiko-kultural na pamana sa mga Barcelonanon. Binubuo ito ng 62 na impormante mula sa Barcelona, Sorsogon. Purposive sampling ang ginamit sa pagpili ng mga impormante. Ginamit ang interbyu iskedyul at talatanungan sa pangangalap ng datos. Sinuri din ang mga nakasulat na dokumentong pangkasaysayan bilang pansuporta sa mga nakalap na datos. Tematik-analisis ang ginamit sa pagsusuri at kaukulang interpretasyon. Nakakalap ang mananaliksik ng 38 na historiko-kultural na pamanang natitinag at hindi natitinag mula sa mga Barcelonanon. Tatlumpu't tatlo ang nakalap na pamanang natitinag, 29 ang nasa pribadong pag-aari at apat (4) naman ang pag-aari ng publiko. Limang pamanang hindi natitinag naman ang nakalap ng mananaliksik at lahat ito ay pag-aari ng publiko. Iba-iba ang ambag ng pagkilala sa mga historiko-kultural na pamana sa mga Barcelonanon. Ang ambag sa edukasyon ayon sa mga impormante ay mapabubuti ang interdisiplinaryong pag-aaral tulad ng pag-uugnay ng iba't ibang larangan. Ang ambag naman sa panitikan ay maisasadokumento ang mga historiko-kultural na pamana sa mga Barcelonanon. Samantala, ang ambag naman sa turismo ay mapakikilala ang pinagdaanang kasaysayan at kultura ng Barcelona sa buong mundo. Ang naging kongklusyon ay marami ang mga napanatiling historiko-kultural na pamanang natitinag at hindi natitinag ng mga Barcelonanon. Malaki ang ambag ng pagkilala ng mga ito sa pagpapabuti ng edukasyon, pagpapayabong ng panitikan at pagsulong ng turismo sa Barcelona. Inirekomenda na ipagpatuloy ang pagtuklas sa mga hindi pa natutuklasang mga historiko-kultural na pamanang natitinag at hindi natitinag nang sa gayon mabigyan ito nang wastong pangangalaga at maisalin pa sa mga susunod na henerasyon. Hinihikayat ang sektor ng edukasyon, lokal na komunidad at lokal na pamahalaan na magtulungan sa pagpapalaganap ng kamalayan, pagbuo ng mga programa at polisiya na mangangalaga sa mga pamana at promosyon ng mga ito para sa pagsulong ng turismo sa lugar.

***Susing-Salita:*** *historiko-kultural, pamana, pamanang natitinag, pamanang hindi natitinag, ambag, edukasyon, panitikan, turismo*

## 2.INTRODUKSYON

Ang pamana ay anumang bagay na iniwan ng mga ninuno o nakaraang panahon. Ito ay mga bagay na mayroong historikal at kultural na kabuluhan na sumasalamin sa pagkakakilanlan. Makikilala ang lahing pinagmulan kung babalikan ang bakas ng nakaraan. Ang mga pamana ay sumasalamin sa kultura at kasaysayan ng sinaunang panahon, ito ang magsisilibing tulay upang maiugnay ang nakalipas sa kasalukuyan. Mahalagang malaman ang kaligirang pangkasaysayan ng bawat pamana dahil ito ay susi sa pagpapatatag ng pagkakakilanlan at pag-unlad ng isang bayan.

Ang pamana ay maaaring materyal at hindi materyal na pamana. Ang mga materyal na pamana ay kinabibilangan ng mga lumang kagamitan na sumasalamin sa uri ng pamumuhay ng mga sinaunang tao, matatandang gusali, edipisyo, makaysaysayang pook at iba pang pisikal na ari-arian. Samantala, ang mga hindi materyal na pamana ay mga kaugalian, tradisyon at paniniwalang hanggang sa kasalukuyan ay umiiral. Mahalagang matukoy ang mga salaysayin ng mga naiwang bakas ng nakaraan nang sa gayon magkaroon ng malalim na pag-unawa sa sinaunang bayan, mapahalagahan ito ng mga nasa kasalukuyan at patuloy na maipasa sa mga susunod na henerasyon.

Hindi madali ang pagpapanatili sa mga historiko-kultural na pamana kaya naman nararapat lamang na gumawa ng mga hakbang upang maiwasan ang pagkasira at paglaho ng mga pamanang ito. Sa pagkilala ng mga historiko-kultural na pamana malalaman ang wastong paraan ng pagpapanatili, pagprotekta at pagpapakilala sa mga ito. Marami pang mga historiko-kultural na pamanang hindi pa nabibigyan ng pansin kaya marapat lamang na kilalanin ang mga ito bago tuluyang maibaon sa limot at masira.

Alinsunod sa Artikulo 14 ng 1987 Konstitusyon ng Pilipinas[1], nararapat na pangalagaan, itaguyod at ipalaganap ng estado ang mga pamanang historikal at kultural ng bansa, dapat isaalang-alang ang pagbabalangkas ng mga pambansang plano at patakaran. Pinagtibay rin ng Kongreso ng Pilipinas ang Batas Republika 7356[2] na nagtatalaga sa Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining o National Commission for Culture and the Arts (NCCA) bilang pangkalahatang ahensya para sa pagbabalangkas ng mga patakaran na magpapaunlad sa sining at kultura ng bansa. Ayon sa National Commission for Culture and the Arts (n.d.)[3], ang

mga pamanang mapapatunayang mayroong malaking papel sa kultura ng bansa ay irerehistro sa Philippine Registry of Cultural Property.

Sa Batas Republika 10066 o mas kilalang National Heritage Act of 2009[4] isinasaad na nararapat na paigtingin ang pangangalaga at preserbasyon ng mga pambansang pamana sa pamamagitan ng cultural mapping bilang proseso ng pagtukoy, pagtatala at pagsasadokumento ng mga kultural na pamana sa bawat komunidad nang sa gayon maipreserba ang mga materyal at hindi materyal na kultural na pamana. Hinihikayat nito ang bawat komunidad lalong-lalo na ang lokal na pamahalaan na manguna at makibahagi sa pagsasagawa ng cultural mapping sa bawat lugar nang sa gayon ganap na mapangalagaan ang mga pamanang historikal at kultural na itinuturing na yaman ng bansa.

Sa Probinsya ng Sorsogon, inilunsad noong 2020 ng dating gobernador, Francis "Chiz" Escudero, ang "Cultural Mapping Orientation Meeting" na may layuning tipunin ang lahat ng ahensya ng pamahalaan kabilang ang Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) at Komisyon sa Mas Mataas na Edukasyon (CHED) na maging kabalikat sa pagpapanatili, pangangalaga at pagpapalaganap ng mga kultural na pamana sa bawat komunidad (Orientation on Sorsogon's Cultural Mapping, 2020)[5]. Sa pamamagitan nito magiging aktibong bahagi ang komunidad sa pagmamapa ng mga pamanang historikal at kultural na magiging daan sa pagtuklas sa pagkakakilanlan ng mga mamamayan bilang bahagi ng isang pamayanan. Ang pamayanang kilala ang lahing pinagmulan ay mayroong mataas na pagpapahalaga sa kanilang pagkakakilanlan.

Ang mga historiko-kultural na pamanang maisasamapa at maisasadokumento sa bawat bayan ay maaaring magsilbing lunsaran sa pagpapalaganap ng kaalaman sa pamayanan lalong-lalo na sa mga kabataan bilang mga susunod na tagapagsalin ng mga ito sa mga susunod na henerasyon. Kaya naman, alinsunod sa Batas Republika Bilang 10533, Seksyon 5 o Batas sa Pinabuting Batayang Edukasyon ng 2013[6], ang kurikulum ay kinakailangang bukas upang maaaring isalokal, isakatutubo, at pabutihin pa ito ng mga paaralan batay sa kanilang partikular na kontekstong pang-edukasyon at panlipunan. Hinihikayat dito ang paggawa ng mga kagamitang pampagtuturo na nasa lokal na konteksto na masasalamin ang kasaysayan, pamanang kultura, kaugalian at tradisyon ng lugar nang sa gayon makilala at maunawaan ng mga kabataan ang kanilang pagkakakilanlan at lugar na kanilang kinabibilangan.

Nakilala ang bayan ng Barcelona sa Probinsya ng Sorsogon dahil sa mga makasaysayan nitong pook tulad na lamang ng Simbahan ng Barcelona. Ang simbahang ito ay yari sa mga korales, batong-buhay, apog at itlog na may estilong neo-classical na itinayo noong 1874. Noong 2020, isinaayos ang Simbahan ng Barcelona ng Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas at pinondohan ito ng pamahalaan. Sinubukang ibalik ng komisyon ang dating estruktura ng simbahan na nasira ng maraming bagyong lumipas, pinangunahan ang proyektong ito ng dating tagapangulo ng Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas na si Dr. Rene R. Escalante (National Historical Commission of the Philippines,n.d.)[7].

Ilan pa sa mga kilalang historiko-kultural na pamana sa Barcelona ay ang matandang gusali ng La Presidencia na nagsilbing tahanan ng gobernadorsilyo sa panahon ng pananakop ng mga Kastila sa Pilipinas at ang Escuela Pia na paaralan para lamang sa mga illustrados noong panahong ding iyon. (Lokal na Pamahalaan ng Barcelona, 2022)[8]. Ang mga lumang gusaling ito ay itinayo noong ika-18 siglo kasabay ng pagpapagawa ng Simbahan ng Barcelona at hanggang ngayon nananatiling nakatayo at nagpapaalala sa kasaysayang pinagdaanan ng bayan sa paglipas ng maraming panahon.

Batay sa obserbasyon at sariling karanasan ng mananaliksik bilang isang Barcelonanon, marami pa ang mga historiko-kultural na pamana sa Barcelona at hindi lamang ito limitado sa mga pamanang hindi natitinag tulad ng simbahan at matatandang gusali. Layunin ng pag-aaral na ito na tuklasin at ipakilala ang iba pang historiko-kultural na pamana sa mga Barcelonanon tulad ng mga pamanang hindi natitinag na hindi pa gaanong kilala ng nakararami at mga pamanang natitinag na karaniwang mga minanang ari-arian sa bahay, mga naiwang gamit panrelihiyon tulad ng mga imahen, likha ng sining o komersiyal at mga lumang dokumento na nagpapatunay ng mga kaganapan at uri ng pamumuhay ng mga Barcelonanon sa nakalipas na panahon.

Limitado ang kaalaman maging ang mga datos tungkol sa mga ito kung kaya hindi nabibigyan ng pagkilala at hindi gaanong napahahalagahan hanggang sa tuluyang napabayaan at nasira. Ang pokus ng pag-aaral na ito ay makilala at maisadokumento ang mga historiko-kultural na pamanang natitinag at hindi natitinag ng mga Barcelonanon nang sa gayon maipakilala ang pinagdaanang kasaysayan ng bayan at ang mayamang kultura nito na makikita sa mga naiwang pamana ng mga naunang Barcelonanon at ng sinaunang panahon. Bukod dito,layunin din ng pag-aaral na ito na magamit ang mga naisadokumentong mga historiko-kultural na pamana sa pagpapalaganap ng kamalayan lalo na sa mga kabataan sa kahalagahan ng pagkilala, pagpapahalaga at pagpreserba ng mga pamana bilang susi sa pagtuklas ng kanilang pagkakakilanlan at pag-unlad ng isang bayan.

## 3. METODOLOHIYA

### 3.1 Mga Impormante

Ang mga impormante sa pag-aaral na ito ay binubuo ng animnapu't dalawang (62) Barcelonanon. Nahahati sa dalawang pangkat ang mga impormante bilang iba-iba ang ginamit na paraan sa paglikom ng datos; pakikipanayam, pagsusuri ng dokumento at paggamit ng talatanungan.

Ang unang pangkat ng mga impormante ay binubuo ng mga pribadong nagmamay-ari ng mga ari-ariang natitinag at tagapangasiwa ng mga ari-ariang pampubliko na hindi natitinag. Nakapanayam ng mananaliksik ang walong (8) impormante na pribadong nagmamay-ari ng mga pamanang natitinag at apat (4) na impormante naman para sa mga pampublikong ari-ariang hindi natitinag. Purposive sampling ang ginamit sa pagpili ng mga impormante. Sinadyang hinanap ng mananaliksik ang mga Barcelonanon na mayroong kaalaman at naipreserbang mga minanang ari-ariang natitinag at hindi natitinag mula 1800s hanggang 1980s.

Ang ikalawang pangkat ng mga impormante ay ang mga binigyan ng talatanungan upang malaman ang ambag ng pagkilala sa mga historiko-kultural na pamana sa edukasyon, panitikan at turismo, binubuo ito ng 50 na impormante. Dalawampu't lima rito

ay mula sa pangkat ng mga guro at 25 mula sa lokal na komunidad. Purposive sampling din ang ginamit na paraan sa pagpili ng mga impormante sa ginawang pag-aaral.

**3.2 Paraan ng Paglikom ng mga Datos**

Ang mga nakalap na datos sa pag-aaral na ito ay nanggaling sa mga salaysayin at kasagutan ng mga mamamayan ng Barcelona sa Probinsya ng Sorsogon. Sinimulan ang paglikom ng mga datos sa pamamagitan ng pagbuo ng liham pahintulot upang maipabatid at mapagtibay ang pag-aaral na nilagdaan ng tagapayo at ng dekano. Ipinamudmud ang liham sa alkalde ng bayan ng Barcelona para bigyang pahintulot na makapaglibot sa bayan at makakalap ng datos.

Sa pangangalap ng mga historiko-kultural na pamanang Barcelonanon, naghanap ang mananaliksik ng mga Barcelonanon na nagmamay-ari at nangangasiwa ng mga pamanang ari-ariang natitinag at hindi natitinag na mula 1800s hanggang 1980s. Humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa mga pribadong nagmamay-ari at tagapangasiwa ng mga pampublikong ari-arian upang makapagsagawa ng pakikipanayam. Gumamit ng interbyu iskedyul upang makalikom ng mga datos mula sa mga impormante.

Nagsagawa rin ang mananaliksik ng pagsusuri sa mga nakasulat na dokumentong pangkasaysayan sa mga pamanang hindi natitinag na pag-aari ng publiko. Ang mga nakalap na impormasyon ay isinalin sa wikang Filipino mula sa orihinal na pagkakasulat nito sa Ingles. Bahagi rin ng pangangalap ng datos ng mananaliksik ang pagkuha ng mga larawan gamit ang kamera bilang pangsuporta sa nalikom na datos.

Sa pagtukoy sa mga ambag ng pagkilala sa mga historiko-kultural na pamana sa mga Barcelonanon, gumamit ang mananaliksik ng talatanungan. Upang makapagsagawa ng pangangalap ng datos, bumuo ng mga liham pahintulot na nilagdaan ng tagapayo at ng dekano. Ipinamudmud sa alkalde ng Barcelona ang liham para bigyang pahintulot na makapaglibot sa bayan at makapagsagawa ng pangangalap ng datos. Nakipag-ugnayan din ang mananaliksik sa OIC-PSDS ng Distrito ng Barcelona upang pahintulutang makakalap ng datos sa mga kaguruan dito.

Personal na pinamahalaan ng mananaliksik ang pagbibigay ng talatanungan upang masiguro ang agarang pagtugon ng mga impormante sa pag-aaral. Ipinaliwanag ng mananaliksik sa mga impormante ang layunin ng pag-aaral at binigyan ito ng malinaw na instruksyon sa wastong pagsagot sa talatanungan. Naglaan din ng kaukulang espasyo sa talatanungan upang malayang makapagbahagi ng karagdagang mungkahing kasagutan ang mga impormante na wala sa naitalang mga impormasyon.

## IV. RESULTA

**Mga Historiko-Kultural na Pamana sa mga Barcelonanon sa Kategoryang mga Pamanang Natitinag at Hindi Natitinag.**

Nakakalap ang mananaliksik ng 38 na historiko-kultural na pamanang natitinag at hindi natitinag mula sa mga nagbahaging pribadong nagmamay-ari nito at mga pag-aari ng publiko.

**A. Mga Pamanang Natitinag**

Nakakalap ang mananaliksik ng 33 historiko-kultural na pamanang natitinag sa mga Barcelonanon, 29 ang nasa pribadong pag-aari at apat (4) naman ang pag-aari ng publiko. Ang mga nakalap na pamanang natitinag ay nahahati sa limang (5) kategorya: lima (5) sa mga ito ang kagamitang arkeolohikal, pito (7) ang kagamitang etnograpikal, 13 ang kagamitang likha ng sining o komersiyal, tatlo (3) ang artsibo at lima (5) naman ang kagamitang panrelihiyon.

Makikita sa Talahanayan 1A ang mga historiko-kultural na pamanang natitinag na napanatili ng mga Barcelonanon mula sa pribado at publikong pag-aari.

**Talahanayan 1A**
**Mga Pamanang Natitinag**

| Kategorya ng mga Pamanang Natitinag | Pribadong Pag-aari | Pag-aari ng Publiko |
|---|---|---|
| 1. Kagamitang Arkeolohikal | 4 | 1 |
| 2. Kagamitang Etnograpikal | 7 | |
| 3. Kagamitang Likha ng Sining o Komersiyal | 13 | |
| 4. Mga Artsibo | 1 | 2 |
| 5. Kagamitang Panrelihiyon | 4 | 1 |
| **Kabuuan** | **29** | **4** |

**Mga Kagamitang Arkeolohikal**

Ang mga kagamitang arkeolohikal ay mga kagamitang maaaring natagpuan sa lupa, sa ilalim ng lupa, sa ilalim ng dagat o sa karagatan tulad ng mga kagamitang gawa sa bato, porselana at luwad. Mauuri din dito ang mga ekopakto tulad ng buto ng hayop at mga fossil na nagpapahiwatig ng mga pangyayaring may kaugnayan sa sinaunang panahon at kasaysayan (NCCA, 2018)[9]. Limang kagamitang arkeolohikal ang nakalap ng mananaliksik, apat (4) sa mga ito ay pag-aari ng isang impormante na si G. Bernardo Abayon na pribadong nagmamay-ari ng mga kagamitang minana niya sa kaniyang mga magulang tulad ng sungay ng usa, kamot jar, mijiu jar, at tapayan. Samantala, isang bangang martabana ang nahukay at nasa pangangalaga ng Pambansang Mataas na Paaralang Komprehensibo ng Barcelona.



Pigura 1. Sungay ng usa

Ang isang sungay ng usa (Pigura 1) ito ay mula pa 1955, ginawa itong palamuti sa bahay ng nanay ni G. Bernardo Abayon. Ayon sa kaniya hindi lang ito basta palamuti kundi mabisang panlunas sa kagat ng makamandag na hayop noong panahon.



Pigura 2. Kamot jar

Isa pa sa minanang kagamitang arkeolohikal ni G. Abayon ang kamot jar (Pigura 2) na ito na tinatayang mula pa 1850. Ito ay gawa sa pinatigas na luwad at makikilala sa mala-lupa nitong kulay. Tinawag itong kinamot na banga o kamot jar dahil makikita sa disenyo nito ang tila kinamot na linya sa katawan nito. Ang bangang ito ay nagpasalin-salin na sa pamilya ng mga Abayon at hanggang ngayon makikita pa rin sa kanilang lumang bahay subalit isa na lamang itong palamuti malayo na sa gamit nito noong panahon. Sa salaysay ni Ginoong Bernardo Abayon…

> *"…nadomdoman ko sadto sin saday pa ako ingagamit ini ni mamay na taguan sin mga inhihiram niya na karne nan isda lalo na an manamiton na kuyog…"*
>
> *Salin: Naaalala ko noong maliit pa ako ginagamit ito ni ina na imbakan ng mga binuburo niyang karne at isda lalo na ang malinamnam na kuyog o rabbit fish.*



Pigura 3. Mijiu jar

Ang mijiu jar (Pigura 3) na ito ay gawa rin sa hinulmang luwad na pinakintab. Ang disenyo ng kabuuan nito ay maihahalintulad sa kamot jar at parehong mula 1850 na dinala ng mga Tsino sa Pilipinas. Tinawag itong mijiu jar dahil ang salitang mijiu sa Tsina ay nangangahulugang rice wine. Dito inilalagay ang alak na gawa sa malagkit na bigas na sumasailalim sa permentasyon (Gastronomiac, 2021)[10]. Kaya naman noong araw ginamit din ang bangang ito ng pamilyang Abayon sa permentasyon ng ginagawa nilang suka at tuba mula sa katas ng niyog.



Pigura 4. Tapayan

Isa pang kagamitang arkeolohikal na minana ni G. Abayon sa kaniyang ina ang seramikang earthenware o tapayang ito (Pigura 4) mula pa 1935. Tinatawag ito ng iba bilang tempayan (Ocampo, 2020)[11]. Ito ay yari sa luwad at may kalakihan. Pangunahing gamit nito ay imbakan ng tubig at hanggang sa kasalukuyan ay ginagamit pa rin ito ng pamilyang Abayon.



Pigura 5. Bangang Martabana

Isa pa sa mga naisadokumentong kagamitang arkeolohikal ang malaking bangang martabanang ito (Pigura 5) na nahukay noong ika-12 ng Agosto, 1998 sa Pambansang Mataas na Paaralang Komprehensibo ng Barcelona, sa Barangay Poblacion Norte nang itayo ang opisina ng paaralan. Ang malaking bangang ito ay isang stoneware na yari sa matibay na seramika kaya naman may kabigatan ito. Makikita sa disenyo nito ang nakaukit na dragon. Ang ganitong disenyo ng mga banga ay karaniwang maiuugnay sa mga Tsino at dinadala nila ang mga ito sa mga karatig na bansa. Karaniwang gamit nila sa mga ito ay sisidlan ng kanilang mga pinapalit na produkto, imbakan ng tubig at mga pagkain lalo na sa kanilang mahabang paglalayag (Ladrido,2022)[12].

Ayon sa Pambansang Museo ng Antropolohiya (2022)[13], bago pa man dumating ang mga Kastila sa Pilipinas noong 1521, malawakan na ang pakikipagpalitan ng produkto ng mga Tsino sa mga Pilipino noong panahon lalo na sa mga nakatira malapit sa baybayin ng dagat. Patunay na ang mga nakalap na kagamitang arkeolohikal lalo na ang nahukay na banga sa paaralan na naabot din ng mga Tsino ang bayan ng Barcelona dahil na rin sa lokasyon nitong malapit sa dalampasigan.

**Mga Kagamitang Etnograpikal**

Ang mga kagamitang etnograpikal naman ay mga ginagamit ng mga tao sa iba't ibang aspeto ng kanilang pamumuhay tulad ng mga gamit pambahay, mga personal na palamuti at mga kasangkapan sa mano-manong trabaho (NCCA, 2018)14. Pitong kagamitang etnograpikal ang nakalap ng mananaliksik at lahat ito ay pag-aari pa rin ng pamilyang Abayon. Ito ay mga lumang kasangkapan sa kanilang bahay na ginagamit nila noon hanggang sa kasalukuyan.

Nakagawian sa pamilyang Abayon ang paghahanda ng salusalo tuwing may mahalagang okasyon at ang malaking kawang ito (Pigura 6) mula pa noong 1945 ang pinakagamitin nila sa pagluluto ng iba't ibang putahe. Ang orihinal na may-ari nito ay ang lola ni G. Abayon.



Pigura 6. Kawa

Isa pang kagamitan sa bahay na pinanatili ng mga Abayon ang malaking botelya na tinatawag na damajuana (Pigura 7) sa Kastila at demi-john naman sa Ingles. Ang damajuana na ito ay nabili ng nanay ni G. Abayon noong 1970 subalit ang ganitong sisidlan ay ginagamit na noon sa Europa mula pa noong ika-18 siglo bilang sisidlan ng mga alak (Lambert,2020)[15].



Pigura 7. Damajuana o Demi-john

Ang tsokolaterang ito (Pigura 8) ay mula pa noong 1948. Ito ay yari sa matigas na metal na hugis pitsel at ginagamit sa tradisyunal na paggawa ng mainit na tsokolate. Batidor na gawa sa kahoy ang ginagamit dito na panghalo sa tsokolate para makuha ang tamang timpla nito. Ibinahagi ni G. Abayon na sa tsokolaterang ito tinitimpla ang kaniyang paboritong mainit na tsokolate tuwing agahan bago siya pumasok sa paaralan.



Pigura 8. Tsokolatera

Ayon kina Gennip (2015)[16], nagiging mahalaga sa isang tao ang partikular na bagay hindi lang dahil sa gamit nito kundi pati na rin sa magagandang alaala na nakakabit dito. Patunay rito ang malaking pagpapahalaga ni G. Abayon sa kanilang mga lumang kasangkapan dahil sa tuwing nakikita niya ang mga ito ay nananariwa sa kanyang alaala ang buhay nila noong araw.

Sumunod na ibinahagi ni G. Abayon ang plantza de korona o prensa (Pigura 9) ng kanyang lola mula pa noong 1920. Ito ay matandang uri ng plantsa na hugis korona ngunit patag ang ilalim nito at yari sa tanso. Mayroon itong hawakan na gawa sa matigas na kahoy ngunit sa kasalukuyan tanging ang katawan na lamang nito ang naiwan dahil naputol na ang hawakang kahoy nito. Ayon kay G. Abayon, nagsimulang magkaroon ng suplay ng kuryente sa bayan ng Barcelona noong 1980. Patunay ang plantza de korona o prensang ginagamitan lamang ng uling kung gaano kapayak ang buhay ng mga taga-Barcelona noong wala pang suplay ng kuryente sa lugar.



Pigura 9. Plantza de korona o prensa

Sa pagpasok sa lumang bahay nina G. Abayon, agad na bubungad ang antigong aránya o chandelier (Pigura 10) mula pa noong 1935. Ito ay yari sa tanso at mayroong mga nakakabit na mala-kristal na palamuti. Nilalagyan ito ng mga kandila upang magbigay liwanag sa silid na pinagsasabitan nito. Ayon kay Almario (2015)17, ang aránya ay mula sa Español na araña, bukod sa gamit bilang ilaw ay nagsisilbi rin itong palamuti at tatak ng karangyaan. Mas maraming nakakumpol na ilaw, mas marangya ang pamumuhay.



Pigura 10. Aránya ng de kandila


Isa pang lagayan ng kandila ng pamilyang Abayon ang kandelabrang ito (Pigura 11) na mula pa 1950. Ito ay gawa sa mabigat na bakal na may kakayahang suportahan ang mga kandilang itinitirik dito upang hindi basta-basta matumba. Katamtaman lamang ang taas nito at may tatlong lagayan ng kandila. Nagsimula ang paggamit ng kandelabra noong ika-18 siglo (Encyclopaedia Britannica, 2016)[18]. Natutunan ni G. Abayon sa kaniyang ina ang pagsisindi ng kandila sa hapag-kainan bilang pantaboy ng langaw kaya makikita sa gitna ng hapag-kainan nila ang laging nakaabang na kandelabra.



Pigura 11. Kandelabra

Gumamit din ng lampara (Pigura 12) ang mga Abayon noong panahon kaya naman ang isang ito ay mula pa noong 1935. May kalakihan ang mababasaging lamparang ito na nilalagyan ng gaas o kerosene upang magningas. Wala pang suplay ng kuryente noong panahon kaya naman halos karamihan ay lampara o hasag pa ang gamit na ilaw sa kanilang tahanan tuwing gabi.

Ayon kina Sarial - Abi et al. (2016)[19], pinahahalagahan ang mga lumang kagamitan sa bahay dahil sa kasaysayang masasalamin dito at sa kakayahan nitong mag-ugnay sa nakalipas. Kaya nararapat na panatilihin ang mga lumang kagamitan sa bahay dahil nagpapaalala ito ng sinaunang uri ng pamumuhay na dapat kilalanin at pahalagahan ng mga nasa kasalukuyan at hinaharap bilang bahagi ng kanilang pagkakakilanlan.



Pigura 12. Lampara

**Mga Kagamitang Likha ng Sining Industriyal o Komersiyal**

Ang mga kagamitang likha ng sining industriyal o komersiyal naman ay mga bagay na ginawa bilang produktong pangkomersiyal (NCCA, 2018)[20]. Labintatlong kagamitang likha ng sining industriyal o komersiyal ang nakalap ng mananaliksik. Apat sa mga ito ay mga muwebles na pag-aari muli ng pamilyang Abayon at siyam (9) naman sa mga ito ay mula sa minanang koleksyon ng mga lumang barya ng pamilyang Del Prado.



Pigura 13. Baul

Isang baul (Pigura 13) mula pa 1950 ang napanatili ng pamilyang Abayon na ginagamit nila bilang imbakan ng mga personal na gamit tulad ng mga alahas, mahahalagang dokumento, mga kasuotan at iba pa. Ito ay yari sa matibay na kahoy ng narra kaya naman may kabigatan ito.




Pigura 14. Paminggalan

Kapansin-pansin din sa komedor ni G. Abayon ang malaking paminggalan (Pigura 14) mula pa noong 1965. Ito ay yari din sa matibay na kahoy ng narra at sadyang ipinagawa ng nanay ni G. Abayon at hanggang ngayon ginagamit pa rin niya. May kalakihan ito kaya naman dito nila itinatago ang koleksyon ng iba't ibang disenyo ng pinggan, platito, baso, tasa, kubyertos at iba pa na inilalabas lamang tuwing mayroong mahalagang okasyon sa bahay.



Pigura 15. Kuryo

Malaki ang pagpapahalaga ng mga Abayon sa kanilang mga kagamitan sa bahay lalo na iyong mga minana pa nila sa kanilang mga ninuno. Upang maprotektahan at ipreserba ang mga natatanging koleksyong minana ng pamilya sa bawat henerasyong nagdaan, nagpagawa sila ng isang kuryo (Pigura 15) noong 1975 na yari sa matibay na kahoy at nababalutan ng salamin. Makikita mula sa kuryo ang mga antigong relikya, iba't ibang disenyo ng banga at iba pang mababasaging lilok.



Pigura 16. Credenza

Naiwan din sa pangangalaga ni G. Abayon ang isang credenza (Pigura 16) na ito mula pa noong 1976. Ang credenza na ito ay isang uri ng kabinet na may kabigatan dahil gawa ito sa mabigat na materyales na kahoy na binarnisan kaya kumintab.

Ibinahagi naman ng magkakapatid na Del Prado ng Cagang, Barcelona, Sorsogon ang kanilang minanang koleksyon ng mga lumang barya mula sa kanilang mga magulang mula sa panahon ng mga Kastila hanggang sa panahon ng Bagong Lipunan.

International Research Journal
IJNRD
Research Through Innovation




Pigura 17. 4-pisong Isabelinas




Pigura 18.1-pisong Isabelinas



Pigura 19. Platang baryang Isabelinas

Ang pinakatinatangi ng pamilyang Del Prado ay ang dalawang gintong baryang Isabelinas (Pigura 17 at 18) at isang platang baryang Isabelinas (Pigura 19) na ito mula 1864, 1865 at 1888 na may parehas na disenyong nakalagay sa harapan na mukha ni Reyna Isabela II ng Espanya. Samantala hindi naman matukoy sa natago nilang platang barya ang halaga nito dahil burado na ang likurang bahagi ng barya sa tagal ng panahon. Ayon kay Ocampo (2020)[21], ang mga gintong baryang Isabelinas ang unang gintong barya na nagawa sa Pilipinas. Ito rin ang pinakaunang pagkakataon na inilagay ang "Filipinas" sa mga barya.




Pigura 20. 50-centavos (1945)



Pigura 21. 10-centavos (1945)

Bahagi rin ng minanang mga lumang barya ng mga Del Prado ang mga sentimong baryang ito mula pa noong 1945 sa panahon ng mga Amerikano sa Pilipinas. Ang mga platang baryang ito ay may halagang 50-centavos (Pigura 20) at 10-centavos (Pigura 21). Makikita sa harapan ng barya ang nakaukit na babaeng may pinupokpok na palihan gamit ang martilyo, tanawing Bulkang Mayon at ang halaga ng barya na nakasulat sa Ingles na may kasamang "Filipinas". Sa likurang bahagi naman ng barya makikita ang sagisag ng Amerika na pumalit sa eskudo ng mga Kastila na nakalagay sa mga dating barya. Nakalagay rin sa likuran ng barya ang "UNITED STATES OF AMERICA."



Pigura 22. 5-centavos (1963)

Nakatago rin ang pamilyang Del Prado ng 5-centavos na barya (Pigura 22) na nagawa noong 1963. Ang harapan ay may disenyo ng lalaking nakaupo sa palihan at may hawak na martilyo at ang Bulkang Mayon. Makikita sa likuran nito ang pinalit na selyo ng Republika ng Pilipinas at ang nakalagay na Central Bank of the Philippines.




Pigura 23. 1-piso (1972)




Pigura 24.10-sentimos (1972)

Ang mga baryang ito ay mula naman sa panahon kung kailan ginamit na ang wikang Filipino sa mga barya. Naipasa sa mga batang Del Prado ang pisong barya (Pigura 23) at 10-sentimos (Pigura 24) mula pa 1972.




Pigura 25. 1-piso (1976-Ang Bagong Lipunan)

Nakapagtago rin ang mga Del Prado ng 1-piso (Pigura 25) na nagawa noong 1976 sa panahon ng Bagong Lipunan sa Pilipinas. Sa pagsasalaysay ni Deling Del Prado na pinanganak noong 1940, binalikan niya ang mga panahong malaki pa ang halaga ng mga sentimos,

> *"…an sayo na bote sin gas sadto para 20-sentimos, an sayo kagantang na bugas 30-sentimos nan an pasahe sadto sa Alatco kun mapa-Gubat 5-sentimos…"*
>
> *Salin: Ang isang bote ng gas noon ay 20-sentimos, ang isang gantang ng bigas ay 30-sentimos at ang pamasahe sa Alatco papuntang Gubat ay 5-sentimos.*


Ayon sa Bangko Sentral ng Pilipinas (n.d.)[22], ang pera na nagtatampok ng mga simbolismo at pananda ay tagapagpakilala ng pagkakakilanlan ng isang bayan bilang sumasalamin ang mga ito sa kanilang kultura at kasaysayan. Masasalamin sa mga tinipong lumang pera ng mga Del Prado ang kasaysayang pinagdaanan ng Pilipinas at kung paano naging bahagi ang mga perang ito sa pagbabago ng kanilang pamumuhay sa paglipas ng panahon.

**Mga Artsibo**

Ang mga artsibo ay mga pampubliko o pribadong dokumento na napiling itago at pangalagaan dahil sa taglay nitong kakayahang magpatunay ng historikal na impormasyon (NCCA, 2018)[23]. Tatlong artsibo ang nakalap ng mananaliksik. Ito ay mga pampubliko o pribadong dokumento na napiling itago at pangalagaan dahil sa taglay nitong kakayahang magpatunay ng historikal na impormasyon. Isa rito ay pag-aari ng pamilyang Abayon at ang dalawa naman ay mula sa mga tinipong artsibo ng Simbahan ng Barcelona.

Isang kopya ng Kasulatan ng Ganap na Bilihan ng Lupa (Pigura 26) noong 1939 ang ibinahagi ni G. Abayon. Ito ang lupang minana niya sa kanyang mga magulang na taniman ng mga niyog at abaka. Ang lupang ito ay matatagpuan sa Sitio Penalansahan ng Barangay Sta. Cruz sa bayan ng Barcelona na may sukat na 56,362 metro kuwadro. Noong panahong 1939 nabili ng mga Abayon ang lupang ito sa halagang 500-piso, napakamura kumpara sa halaga ng bilihan ng lupa sa panahon ngayon.

International Research Journal
IJNRD
Research Through Innovation




Pigura 26. Kasulatan ng Ganap na Bilihan ng Lupa (1939)

Naipreserba ng opisina ng Simbahan ng Barcelona ang talaan ng rehistro ng mga bininyagan (Pigura 27) at kinasal (Pigura 28) sa Parokya ni San Jose. Makikita sa mga lumang artsibo na ito ang mga nakarehistrong bininyagan at kinasal na mga Barcelonanon mula 1868. Mapapansin sa mga dokumento na nakasulat ito sa wikang Kastila. Si Padre Don Mariano Garcia ang unang prayleng nadestino noon sa Barcelona at siya rin ang unang nagsulat sa mga talaang ito gamit ang tinta at pluma na hanggang ngayon nababasa pa.




Pigura 27. Talaan ng mga Bininyagang Barcelonanon
(mula 1868)




Pigura 28. Talaan ng mga Kinasal na Barcelonanon (mula 1868)

Ang mga artsibong ito ng simbahan ay maituturing na pamana sa bayan dahil patunay ang mga talaang ito na napasailalim ang Barcelona sa pamamahala ng mga Kastila at tinanggap ng mga Barcelonanon ang dala nilang Kristiyanismo sa pamamagitan ng pagpapabinyag at pagpapakasal sa simbahan. Sa pag-aaral ni Roque (2018)[24] sinuri niya ang mga artsibo ng mga kolektibong pampelikula bilang mga pamanang dokumentaryo ng bayan at kung paano makikita sa mga artsibong ito ang mga karanasan, kalakaran at ang nagbabagong kasaysayan ng bayan. Patunay lamang ito na malaki ang ambag ng mga naisulat na dokumentaryo sa bawat panahon bilang mga kongkretong bahagi ng kolektibong alaala ng mga mamamayan.

**Mga Kagamitang Panrelihiyon**

Ang mga kagamitang panrelihiyon ay mga bagay na ginagamit sa ritwal, panalangin o pananampalataya, at iba pang gawaing espiritwal. Nabibilang dito ang mga panrelihiyong lilok o imahen, kagamitang panliturhiya at mga reliko (NCCA, 2018)[25]. Dahil sa pamanang simbahan ng mga Kastila sa Barcelona, nahikayat din ang ilang mga Barcelonanon na magkaroon ng mga kagamitang panrelihiyon na makatutulong sa pagpapatibay ng kanilang pananampalataya kaya naman limang (5) kagamitang panrelihiyon ang nakalap ng mananaliksik na may kaakibat na mga salaysayin, paniniwala at kaugalian ng mga sinaunang Barcelonanon. Isa rito ay nasa pangangalaga ng Simbahan ng Barcelona samantala ang apat naman ay pag-aari ng tatlong pamilya.



Pigura 29. Kandelero

Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig noong 1945, ipinaubaya ni Pedro Escandor, isang Barcelonanon, ang pangangalaga sa mga antigong kandelero (Pigura 29) sa Simbahan ng Barcelona. Ang mga kandelerong ito ay may kabigatan at yari sa tanso. Ginagamit lamang ang mga kandelerong ito tuwing mayroong malalaking selebrasyon ang parokya tulad ng Pista ni San Jose, Mahal na Araw, Pasko at iba pa.



Pigura 30. Imahen ng Poong Nazareno

Isa sa pinakamatandang imahen sa Barcelona ang Poong Nazareno (Pigura 30). Ito ay nasa pangangalaga ng pamilyang Fulgar sa Barcelona. Ayon sa dokumentong hawak ng mga Fulgar, ang imaheng ito ay ginawa sa Espanya noong 1859. Noong 1874 matapos magawa ang malaking simbahan ng Barcelona ay minabuti ni Adoy Fulgar na pumunta sa Espanya para kunin ang imahen ng Poong Nazareno upang magamit sa parokya ni San Jose at magsilbing instrumento para lalong maging makabuluhan ang kanilang pananampalataya. Taong 1875 nang maiuwi niya ang imahen sa Barcelona. Nang mamatay si Adoy Fulgar ay ipinagkatiwala niya ang pangangalaga ng imahen sa kaniyang anak na si Ciriaco Fulgar hanggang sa maipasa na sa bawat henerasyon ng pamilya ang pangangalaga sa imahen. Lumipas ang maraming taon at nanatili pa rin sa pangangalaga ng pamilyang Fulgar ang Poong Nazareno.



Pigura 31. Imahen ni Mater Dolorosa

Isa pa sa kinikilalang pinakamatandang imahen sa Simbahan ng Barcelona ang imahen ni Mater Dolorosa (Pigura 31). Ipinagawa ito ng mga ninuno ng pamilyang Fulay sa Barcelona at tinatayang higit 130 taon na ito. Ito ay mayroong dalawang ulo na pinagsasalitan tuwing Mahal na Araw. Makikita sa pagkakaukit ng detalyadong mukha nito ang matinding kalungkutan ng isang inang namatayan ng anak.



Pigura 32. Imahen ni San Isidro Labrador

Itinuturing naman na mahalagang pamana ng mga taga-Cagang, isang barangay sa Barcelona, ang imahen ni San Isidro Labrador (Pigura 32) na mula pa noong ika-18 siglo. Ang maliit na imaheng ito ay pag-aari ng mag-asawang magsasaka na si Olpiano at Rosario Espeña. Simula nang alagaan nila ang imahen ay sumagana ang ani ng mag-asawa kaya naman nahikayat din ang mga kababaryo nila na maniwala rin sa biyayang hatid ng patron. Dahil sa patuloy na masaganang ani noon ng mga taga-Cagang sinimulan nila ang isang tradisyon tuwing kapistahan ni San Isidro Labrador. Nagtitipon-tipon ang mga magsasaka sa tinatawag na Sitio Basyaw ng Cagang at doon dinadala nila ang imahen upang magdaos ng padasal at nagdadala rin sila ng mga pagkain na kanilang pinagsasaluhan bilang pasasalamat sa biyaya ng patron.



Pigura 33. Bakal na krus

Isa pa sa pinakaiingatan ng mga Del Prado ang maliit na bakal na krus (Pigura 33) na napulot ni Isidro Del Prado Sr. noong 1977. Sa kuwento ng kapatid ni Isidro na si Diosdado napulot ito ng kanyang nakatatandang kapatid nang ito ay maglilipat ng kalabaw at pinasyang iuwi ito sa kanilang bahay. Naniniwala ang pamilyang Del Prado na mula nang mapulot ni Isidro ang bakal na krus na ito ay nagsunod-sunod ang magandang oportunidad sa kaniya bilang isang mahusay na atleta.

Ayon kay Ortiz (2021)[26] na malaki ang ambag ng pag-aalaga ng mga imahen sa pagpapalago ng pananampalataya. Patunay rito ang pagsasabuhay ng mga Barcelonanon sa pag-aalaga ng kanilang mga imahen at ginawang tradisyon ang pagpasa nito sa bawat henerasyon ng pamilya.

Ayon kina Genecera at De Leon (2019)[27], sa pamamagitan ng kasaysayang lokal, muling natutuklasan ng mga lokalidad ang yaman ng kanilang sariling pamanang hindi nabibigyang-pansin sa matagal na panahon. Kung patuloy na pangangalagaan ng mga Barcelonanon ang mga natatanging natitinag na pamana ay matagumpay na maipapasa ito sa mga susunod na henerasyon at tiyak na mapananatili ang kasaysayang pinagdaanan, kulturang kinagawian at pagkakakilanlan ng mga Barcelonanon.

**B. Pamanang Hindi Natitinag**

Bukod sa mga historiko-kultural na pamanang natitinag ng mga Barcelonanon mayroon ding limang pamanang hindi natitinag ang pag-aari ng publiko at hanggang ngayon nananatiling nakatayo sa Barcelona gaya ng sumusunod:

Nakilala ang Barcelona dahil sa malaking simbahan nito bilang Parokya ni San Jose (Pigura 34) na may kapistahan tuwing ika-19 ng Mayo. Sa mga artsibo ng Simbahan ng Barcelona, sinasabing itinayo ang Parokya ni San Jose noong 1868 at maliit na dampa lamang ang ginamit noon para makapagdaos ng misa sa bayan. Taong 1868 nang magkaroon ng sariling parokya ang Barcelona at tuluyan na itong nahiwalay sa ilalim ng pamamahala ng parokya ng Bulusan sa loob ng mahabang panahon. Naitayo ang malaking simbahan nito noong 1874 sa pamumuno ng mga prayleng Pransiskano na nakarating sa Barcelona. Tanging mga korales mula sa dagat, mga buhay na bato mula sa ilog, apog at mga itlog ang ginamit para maitayo ang simbahan nang walang halong semento o anumang bakal. Noong 2020, isinaayos ng Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas ang simbahan ng Barcelona, sinubukang ibalik ng komisyon ang dating estruktura ng simbahan na nasira ng maraming bagyong lumipas.



Pigura 34. Simbahan ng Barcelona

Makikita naman sa harap ng simbahan ang dalawa pang naggagandahang estruktura na pamana rin ng kasaysayan sa mga Barcelonanon. Ayon sa nakalagay sa panandang pangkasaysayan ng gusali, ang makasaysayang La Presidencia Ruins (Pigura 35) ay naitayo noong ika-18 siglo sa panahon ng mga Kastila sa Pilipinas. Katulad ng matandang simbahan ito ay yari din sa mga bato, mga korales, apog at mga itlog. Sa mga artsibo ng lokal na pamahalaan ng Barcelona, sinasabing ito ang naging tirahan noon ng gobernadorsilyo na namumuno sa bayan.



Pigura 35. La Presidecia Ruins

Matapos maitayo ang La Presidencia noong ika-18 siglo, sunod naman na naitayo ang Escuela Pia o mas kilalang Stone Building (Pigura 36) sa ilalim pa rin ng pamamahala ng mga Kastila sa Pilipinas. Ang estrukturang ito ay gawa rin sa mga bato, mga korales, apog at mga itlog. Ayon sa nakasulat sa panandang pangkasaysayan na makikita sa labas ng gusali, noong panahon ng mga Kastila, tanging ang mga illustrados lamang ang maaaring makapasok sa paaralang ito at hindi pinahihintulutan ang karaniwang mga Pilipino. Sa pagdating ng mga Amerikano binago nila ang pangalan ng gusali bilang Stone Building at nagsilbi itong paaralan para sa lahat.



Pigura 36. Escuela Pia o Stone Builing

Matapos maitayo ang La Presidencia noong ika-18 siglo, sunod naman na naitayo ang Escuela Pia o mas kilalang Stone Building (Pigura 36) sa ilalim pa rin ng pamamahala ng mga Kastila sa Pilipinas. Ang estrukturang ito ay gawa rin sa mga bato, mga korales, apog at mga itlog. Ayon sa nakasulat sa panandang pangkasaysayan na makikita sa labas ng gusali, noong panahon ng mga Kastila, tanging ang mga illustrados lamang ang maaaring makapasok sa paaralang ito at hindi pinahihintulutan ang karaniwang mga Pilipino. Sa pagdating ng mga Amerikano binago nila ang pangalan ng gusali bilang Stone Building at nagsilbi itong paaralan para sa lahat.



Pigura 37. Moog ng Macabari

Isa pa sa hindi malilimutang makasaysayang estruktura sa Barcelona ang Moog ng Macabari (Pigura 37) na bahagi ng mga Moog ng Bulusan. Ayon sa National Historical Commission of the Philippines (n.d.)[28], ang Moog ng Macabari ay kasabay na naitayo ng mga Moog ng Bulusan upang depensahan ang bayan sa pagsalakay ng mga Moro. Ito ay naitayo noong ika-18 siglo. Ito ay yari din sa mga bato, mga korales, apog at itlog.



Pigura 38. Burabod sa Calutan

Makikita naman sa Sitio Calutan ng barangay Cagang ang bukal na ito o mas kilala sa tawag na burabod sa Calutan (Pigura 38). Ang tubig ng burabod ay mula sa umaagos na tubig mula sa ilalim ng lupa nito. Malakas ang tubig na umaagos dito kung kaya ito ang pangunahing pinagkukuhanan ng tubig ng mga taga-Cagang noon pa man. Dito sila kumukuha ng tubig na maiinom, dito rin sila naglalaba at naliligo. Sa burabod din na ito kinukuha ang libreng patubig sa mga palayan na malapit sa lugar. Ayon sa isang impormante na pinanganak noong 1938, bata pa lamang siya ay naroon na ang burabod na ito ngunit hindi pa ito sementado at ito na ang kinamulatan nilang pinagkukunan ng tubig.

Mahalaga ang pagsusuri at pagsasadokumento ng mga pamanang hindi natitinag dahil makikita sa mga estrukturang ito ang kasaysayan at uri ng pamumuhay ng mga tao noong panahon (National Commission for Culture and the Arts, 2023)[29]. Sa pag-aaral ng mga naiwang makasaysayang estruktura sa Barcelona mababatid ang pinagdaanang kasaysayan ng bayan at mababalikan kung paano namuhay ang mga naunang Barcelonanon sa bawat panahon.

Ayon kay Rabang (2015)[30], ang mga pamanang kultural ay mahahalagang pamana ng nakaraan sa kasalukuyan at inaasahang ipapasa sa susunod sa henerasyon. Ang pagsasadokumento ng mga pamanang ito ay maaaring maging batayan sa pagbuo ng mga plano at proyekto na makatutulong sa pagpapanatili ng mga ito. Ang mga naisadokumentong pamana sa mga Barcelonanon mula sa kanilang mga ninuno at sa sinaunang panahon ay inaasahang magagamit ng lokal na pamahalaan at ng sektor ng edukasyon ng Barcelona sa pagbuo ng mga plano at proyekto na makatutulong sa wastong preserbasyon at konserbasyon ng mga ito upang patuloy na maipamana sa mga susunod na henerasyon.

**Ambag ng Pagkilala sa mga Historiko-Kultural na Pamana sa Edukasyon, Panitikan at Turismo.**

Makikita sa Talahanayan 2A ang ambag sa edukasyon ng pagkilala sa mga historiko-kultural na pamana sa mga Barcelonanon ayon sa mga guro at lokal na komunidad ng Barcelona.

**Talahanayan 2A**
**Ambag sa Edukasyon ng Pagkilala sa mga Historiko-Kultural na Pamana sa mga Barcelonanon**

| Ambag sa Edukasyon | *f* | Ranggo |
|---|---|---|
| 1. Mapabubuti ang interdisiplinaryong pag-aaral tulad ng pag-uugnay ng iba't ibang larangan gaya ng kasaysayan, arkeolohiya, sining at literatura upang mas malalim na maunawaan ang lipunan at kultura. | 36 | 1 |
| 2. Mapauunlad ang kurikulum at pamamaraan ng pagtuturo na nakatuon sa pagpapahalaga ng mga historiko-kultural na pamana. | 35 | 3 |
| 3. Mapupukaw ang damdaming makabayan, kaisipan at paniniwala ng mga kabataan. | 35 | 3 |
| 4. Mapalalakas ang pagpapahalaga sa pagpapanatili at pagsasalin ng mga historiko-kultural na pamana sa mga susunod na henerasyon. | 35 | 3 |
| 5. Malilinang ang kritikal na pag-iisip sa pamamagitan ng pag-aanalisa at pagtataya sa mga historiko-kultural na pamana. | 27 | 5 |

Ang ambag sa edukasyon ayon sa mga impormante ay mapabubuti ang interdisiplinaryong pag-aaral tulad ng pag-uugnay ng iba't ibang larangan gaya ng kasaysayan, arkeolohiya, sining at literatura upang mas malalim na maunawaan ang lipunan at kultura. Mapauunlad ang kurikulum at pamamaraan ng pagtuturo na nakatuon sa pagpapahalaga ng mga historiko-kultural na pamana, mapupukaw ang damdaming makabayan, kaisipan at paniniwala ng mga kabataan at mapalalakas ang pagpapahalaga sa pagpapanatili at pagsasalin ng mga historiko-kultural na pamana sa mga susunod na henerasyon. Panghuli, malilinang ang kritikal na pag-iisip sa pamamagitan ng pag-aanalisa at pagtataya sa mga historiko-kultural na pamana ayon sa pagkakasunod-sunod ng sagot ng 36,35,35,35,27 na impormante.

Nagpapakita lamang ito na ang ambag sa edukasyon ng pagkilala sa mga historiko-kultural na pamana sa mga Barcelonanon ayon sa mga impormante ay ang mapabubuti nito ang interdisiplinaryong pag-aaral tulad ng pag-uugnay ng iba't ibang larangan gaya ng kasaysayan, arkeolohiya, sining at literatura upang mas malalim na maunawaan ang lipunan at kultura. Kung saan naniniwala ang mga impormante na malaki ang maitutulong ng pag-aaral ng mga pamana sa isang lugar sa pagtuklas ng kanilang pinagmulan at pagkakakilanlan sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga sinaunang kagamitan, mga dokumentong pangkasaysayan at makasaysayan nilang mga lugar upang malalim na maunawaan ang pamayanang kanilang kinabibilangan.

Ang implikasyon ng resultang lumabas sa ginawang pag-aaral ay kinakailangang sikaping maisama sa kurikulum ang malalim na pagpapaunawa sa kahalagahan ng pagkilala sa mga historikal at kultural na pamana sa isang lugar bilang susi sa pagtuklas ng sariling pagkakakilanlan at lahing kinabibilangan. Hikayatin ang mga mag-aaral na maging aktibong bahagi sa pagsasadokumento ng mga historikal at kultural na pamana sa sariling lugar nang sa gayon mamulat sila sa pagtuklas ng sariling mga pamana at matutuhan nila ang kahalagahan ng pagkilala at pagpapahalaga sa mga ito.

Batay sa pag-aaral nina Niu at Jin (2024)[31] iminungkahi nila na nararapat maging praktikal at mapagparanas ang mga guro sa mga mag-aaral sa pagtuturo ng kahalagahan ng mga pamanang bayan upang malalim nila itong maunawaan at mapahalagahan. Kaya't malaki ang naitutulong ng pagbibigay ng aktuwal na karanasan sa mga mag-aaral katulad ng panghihikayat sa kanila na maging aktibong bahagi sa pagsasadokumento ng mga pamanang bayan sa sarili nilang lugar. Sa pamamagitan ng aktuwal na karanasang ito mapupukaw ang kamalayan ng mga mag-aaral sa mga pamanang bayan at matutuhan nila ang kahalagahan ng pagpapahalaga at pangangalaga sa mga ito.

Makikita naman sa Talahanayan 2B ang ambag sa panitikan ng pagkilala sa mga historiko-kultural na pamana sa mga Barcelonanon ayon pa rin sa mga guro at lokal na komunidad ng Barcelona ay maisasadokumento ang mga historiko-kultural na pamana sa mga Barcelonanon. Mahihikayat ang mga lokal na manunulat na lumikha ng mga akda batay sa mga historiko-kultural na pamana ng sariling bayan at maisasalin ang kasaysayan at kultura ng bayan sa bagong henerasyon sa pamamagitan ng mga akdang pampanitikang sumasalamin dito. Mahihikayat na tangkilikin ang mga akda na sumasalamin sa kasaysayan, kultura at pagkakakilanlan ng sariling bayan. Mapalalalim ang konteksto ng mga akdang pampanitikan batay sa mga naisadokumentong historiko-kultural na kaganapan at pamana batay sa pagkakasunod-sunod ng sagot ng 39,34,34,27,23 impormante.

**Talahanayan 2B**
**Ambag sa Panitikan ng Pagkilala sa mga Historiko-Kultural na Pamana sa mga Barcelonanon**

| Ambag sa Panitikan | *f* | Ranggo |
|---|---|---|
| 1. Maisasadokumento ang mga historiko-kultural na pamana sa mga Barcelonanon. | 39 | 1 |
| 2. Mahihikayat ang mga lokal na manunulat na lumikha ng mga akda batay sa mga historiko-kultural na pamana ng sariling bayan. | 34 | 2.5 |
| 3. Maisasalin ang kasaysayan at kultura ng bayan sa bagong henerasyon sa pamamagitan ng mga akdang pampanitikang sumasalamin dito. | 34 | 2.5 |
| 4. Mahihikayat na tangkilikin ang mga akda na sumasalamin sa kasaysayan, kultura at pagkakakilanlan ng sariling bayan. | 27 | 4 |
| 5. Mapalalalim ang konteksto ng mga akdang pampanitikan batay sa mga naisadokumentong historiko-kultural na kaganapan at pamana. | 23 | 5 |

Nagpapakita lamang ito na sumasang-ayon ang mga guro at lokal na komunidad na sa pamamagitan ng pagtuklas sa mga historiko-kultural na pamana sa mga Barcelonanon maisasadokumento ang mga ito. Ang implikasyon nito ay kinakailangang

makipagtulungan ang komunidad sa pagsasadokumento ng mga historiko-kultural na pamana sa sariling lugar. Magagawa lamang ito kung mayroon silang kaalaman at kasanayan sa pagkilala ng mga ito. Nararapat lamang na maglunsad ang lokal na pamahalaan ng mga programa at seminar sa komunidad na magbabahagi ng kaalaman tungkol sa kahalagahan ng pagkilala sa mga pamana at magtuturo ng wastong paraan ng pagsasadokumento ng mga ito.

Ayon sa pag-aaral nina Ibarreta-Triunfante (2021)[32], ibinahagi niya na anumang programa at interbensyon na may kaugnayan sa preserbasyon at proteksyon ng mga kultural na pamanang bayan ay magiging matagumpay lamang kung buo ang suporta at partisipasyon ng komunidad. Kung nauunawaan ng mga lokal ang kahalagahan ng mga kultural na pamana mas mahihikayat silang protektahan ang mga ito. Kaya ito ay panawagan sa bawat komunidad na maging aktibong bahagi sa bawat hakbangin lalo na sa pagtuklas, pagpapakilala at pagprotekta ng mga kultural na pamana ng sariling lugar nang sa gayon matagumpay itong maisalin sa mga susunod na tagapangalaga ng mga ito.

Makikita naman sa talahanayan 2C ang ambag sa turismo ng pagkilala sa mga historiko-kultural na pamana sa mga Barcelonanon. Nangunguna ang mapakikilala ang pinagdaanang kasaysayan at kultura ng Barcelona sa buong mundo. Mahihikayat ang pangangalaga ng mga historiko-kultural na pamana para sa pagsasalin nito sa mga susunod na henerasyon. Mapalalakas ang pagpapahalaga at pagtangkilik sa sariling mga historiko-kultural na pamana. Mapalalawak ang kaalaman ng mga turista sa mga natatanging historiko-kultural na pamana sa mga Barcelonanon. At ang pinakahuli ay ang mapalalaganap ang kamalayan sa mga turista na maging maingat at magalang sa kasaysayan at kultura ng bawat bayan ayon ito sa pagkakasunod-sunod ng sagot ng 40,37,35,33,27 na impormante.

**Talahanayan 2C**
**Ambag sa Turismo ng Pagkilala sa mga Historiko-Kultural na Pamana sa mga Barcelonanon**

| Ambag sa Turismo | *f* | Ranggo |
|---|---|---|
| 1. Mapakikilala ang pinagdaanang kasaysayan at kultura ng Barcelona sa buong mundo. | 40 | 1 |
| 2. Mahihikayat ang pangangalaga ng mga historiko-kultural na pamana para sa pagsasalin nito sa mga susunod na henerasyon. | 37 | 2 |
| 3. Mapalalakas ang pagpapahalaga at pagtangkilik sa sariling mga historiko-kultural na pamana. | 35 | 3 |
| 4. Mapalalawak ang kaalaman ng mga turista sa mga natatanging historiko-kultural na pamana sa mga Barcelonanon. | 33 | 4 |
| 5. Mapalalaganap ang kamalayan sa mga turista na maging maingat at magalang sa kasaysayan at kultura ng bawat bayan. | 27 | 5 |

Nagpapakita lamang ito na ang pinakamalaking ambag sa turismo ng pagkilala sa mga historiko-kultural na pamana sa mga Barcelonanon ay ang mapakikilala ang pinagdaanang kasaysayan at kultura ng Barcelona sa buong mundo. Sa pagdagsa ng turista sa Barcelona nangangahulugan ito na maraming lokal ang maaaring mabigyan ng trabaho kaya naman mas mahihikayat silang pangalagaan at protektahan ang sariling mga historiko-kultural na pamana na simbolo ng kanilang pagkakakilanlan at nagbibigay sa kanila ng pagkakakitaan. Ang implikasyon nito ay kinakailangan din ng mga lokal na magkaroon ng malawak na kaalaman sa sariling mga historiko-kultural na pamana nang sa gayon epektibo nila itong maibahagi sa mga turista. Maaari din nilang gamitin ang social media sa pagpapakilala ng mga natatanging pamana ng sariling lugar.

Sa pag-aaral nina Buted et al. (2014)[33] iminungkahi nila ang paggamit ng social media sa pagsulong ng turismo bilang mabilis na paraan ng pagpapalaganap ng impormasyon. Kaya malaki ang naitutulong ng paggamit ng social media sa promosyon ng isang lugar. Sa pamamagitan nito mas madaling maitatampok at maipakikilala sa nakararami ang mga natatanging pamanang iniwan ng kasaysayan at kultura sa isang lugar.

Sa kabuuan, nakita sa mga kasagutan ng mga impormante ang kahalagahan ng pagkilala sa mga historiko-kultural na pamana sa isang lugar at ang mga mabuting naidudulot nito sa larangan ng edukasyon, panitikan at turismo. Kaya naman hinihikayat ang komunidad na maging aktibong bahagi sa pagkilala, pagsasadokumento at pagprotekta ng kanilang mga historiko-kultural na pamana dahil susi ito sa paghubog ng kanilang pagkakakilanlan, pagpapabuti ng edukasyon, preserbasyon ng kasaysayan at kultura at pagpapalakas ng turismo. Ang mga lugar na nakatuon sa pagpapanatili ng kanilang mga historiko-kultural na pamana ay nakakukuha ng maraming benepisyo mula rito.

## KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Mayroong mga napanatiling historiko-kultural na pamanang natitinag at hindi natitinag ang mga Barcelonanon. Malaki ang ambag ng pagkilala ng mga ito sa pagpapabuti ng edukasyon, pagpapayabong ng panitikan at pagsulong ng turismo sa Barcelona. Inirekomenda na ipagpatuloy ang pagtuklas sa mga hindi pa natutuklasang mga historiko-kultural na pamanang natitinag at hindi natitinag nang sa gayon mabigyan ito nang wastong pangangalaga at maisalin pa sa mga susunod na henerasyon. Hinihikayat ang sektor ng edukasyon, lokal na komunidad at lokal na pamahalaan na magtulungan sa pagpapalaganap ng kamalayan sa kahalagahan ng mga historiko-kultural na pamana, pagbuo ng mga programa at polisiya na mangangalaga sa mga ito at paigtingin ang promosyon ng mga pamana para sa pagsulong ng turismo sa lugar.

## SANGGUNIAN

**[1]** Republic Act Artikulo XIV Seksyon 16. “Edukasyon, Siyensiya, Teknolohiya Mga Sining, Kultura at Isports Edukasyon” Retrieved from https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/ang-konstitusyon-ng-republika-ng-pilipinas-1987/
**[2]** Republic Act No. 7356. (n.d.). Retrieved from https://jur.ph/law/summary/creation-of-the-national-commission-of-culture-and-the-arts

**[3]** National Commission for Culture and the Arts (n.d.). Talapamana ng Pilipinas. https://talapamana.ncca.gov.ph/media/attachments/2022/07/14/precup-brochure-for-print--trifold.pdf
**[4]** Republic Act No. 10066. (2010, March 26). Official Gazette of the Republic of the Philippines. https://www.officialgazette.gov.ph/2010/03/26/republic-act-no-10066/
**[5]** Orientation on sorsogon's cultural mapping held: Politiko Bicol Region. (2020). Retrieved from https://bicol.politiko.com.ph/2020/01/20/orientation-on-sorsogons-cultural-mapping-held/headlines/
**[6]** Batas Republika Blg. 10533. (2013, May 15). Official Gazette of the Republic of the Philippines. https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/batas-republika-blg-10533/
**[7]** National Historical Commission of the Philippines. (n.d.). Simbahan ng Barcelona. Retrieved from https://nhcphistoricsites.blogspot.com/2020/09/simbahan-ng-barcelona.html
**[8]** LGU-Barcelona. (2022, April 6). History - LGU-Barcelona. Retrieved from https://barcelona.sorsogon.gov.ph/home/general-information/history/
**[9]** National Commission for Culture and the Arts (2018). Kagamitang Arkeolohikal-PRECUP Form. https://www.dilg.gov.ph/PDF_File/issuances/joint_circulars/dilg-joincircular-2020421_cbfe6364ab.pdf
**[10]** Gastronomiac. (2021, April 7). Mijiu (Chinese beer). https://en.gastronomiac.com/boissons_vins_alcool/mijiu-biere-chinoise/
**[11]** Ocampo, A. R., & Sta María, F. (2020). Yaman: History and Heritage in philippine money: The numismatic collection of the bangko sentral ng Pilipinas. Bangko Sentral ng Pilipinas.
**[12]** R.C Ladrido. All images courtesy of the National Museum of the Philippines. (2022). Tapayan, Gusi, or Martaban: Tales of stoneware jars in the Philippines. Retrieved from https://verafiles.org/articles/tapayan-gusi-or-martaban-tales-of-stoneware-jars-in-the-philippines
**[13]**National Museum of the Philippines. (2022, February 1). Stoneware Jars – National Museum. https://www.nationalmuseum.gov.ph/2022/02/01/18444/
**[14]**National Commission for Culture and the Arts (2018). Kagamitang Etnograpikal - PRECUP Form. https://www.dilg.gov.ph/PDF_File/issuances/joint_circulars/dilg-joincircular-2020421_cbfe6364ab.pdf
**[15]** Lambert, C. (2020, November 29). Handmade balloon bottles. Wine History Project of San Luis Obispo County. https://winehistoryproject.org/handmade-balloon-bottles/
**[16]** Gennip, D.V., Hoven, E.V., & Markopoulos, P.P. (2015). Things That Make Us Reminisce: Everyday Memory Cues as Opportunities for Interaction Design. Proceedings of the 33rd Annual ACM Conference on Human Factors in Computing Systems.
**[17]** Aránya. (2015). In V. Almario (Ed.), Sagisag Kultura (Vol 1). Manila: National Commission for Culture and the Arts. Retrieved from https://philippineculturaleducation.com.ph/aranya/
**[18]** The Editors of Encyclopaedia Britannica. (2016). Candlestick | History, Types & Uses. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/art/candlestick/18th-century
**[19]** Sarial-Abi, G., Vohs, K. D., Hamilton, R., & Ulqinaku, A. (2017). Stitching time: Vintage consumption connects the past, present, and future. Journal of Consumer Psychology, 27(2), 182–194. https://doi.org/10.1016/j.jcps.2016.06.004
**[20]** National Commission for Culture and the Arts (2018). Kagamitang Likha ng Sining Industriyal o Komersiyal - PRECUP Form. https://www.dilg.gov.ph/PDF_File/issuances/joint_circulars/dilg-joincircular-2020421_cbfe6364ab.pdf
**[21]** Ocampo, A. R., & Sta María, F. (2020). Yaman: History and Heritage in philippine money: The numismatic collection of the bangko sentral ng Pilipinas. Bangko Sentral ng Pilipinas.
**[22]**Bangko Sentral ng Pilipinas BSP Museum Precolonial Gold and Pottery. (n.d.). https://www.bsp.gov.ph/Pages/AboutTheBank/Facilities/BSP%20Museum%20Collection/Pre-Colonial_Gold_and_Pottery.aspx
**[23]** National Commission for Culture and the Arts (2018). Artsibo-PRECUP Form. https://www.dilg.gov.ph/PDF_File/issuances/joint_circulars/dilg-joincircular-2020421_cbfe6364ab.pdf
**[24]** Roque, R.O. (2018). Artsibo at Sineng Bayan: Pagpapanatili ng Kolektibong Alaala at Patuloy na Kolektibong Pagsalungat sa Kasinungalingan at Panunupil. Plaridel.
**[25]** National Commission for Culture and the Arts (2018). Kagamitang Panrelihiyon-PRECUP Form. https://www.dilg.gov.ph/PDF_File/issuances/joint_circulars/dilg-joincircular-2020421_cbfe6364ab.pdf
**[26]** Ortiz, M. C. (2021). Language Registers of Camareros of Makati City. MALAY, 33(2).
**[27]** Genecera, J. X. T., & De Leon, J. I. B. (2019). Ang Bamboo Organ ng Las Piñas: Pakikipanayam sa Apat na Susing Indibidwal ukol sa Kultural na Yaman ng Lungsod ng Las Piñas. Retrieved from https://philpapers.org/rec/GENABO
**[28]** National Historical Commission of the Philippines. (n.d.). Ang Moog ng Bulusan. Retrieved from https://nhcphistoricsites.blogspot.com/2018/09/ang-moog-ng-bulusan.html
**[29]** National Commission for Culture and the Arts. (2023, October 19). Cultural Mapping Program - National Commission for Culture and the Arts. Retrieved from https://ncca.gov.ph/about-ncca-3/ncca-cultural-mapping-program/
**[30]** Rabang, M. R. Q. (2015). Cultural Mapping As A Tool In Heritage Conservation In A World Heritage Site: The Vigan City Experience. Journal Sampurasun, 1(1). https://doi.org/10.23969/sampurasun.v1i1.26
**[31]** Niu, F., & Jin, L. K. (2024). Study on factors influencing university students' awareness of intangible cultural heritage transmission. Journal of Education and Educational Research, 7(2), 35–40. https://doi.org/10.54097/1hpnx911
**[32]** Ibarreta-Triunfante, J. (2021). Sense of Place of Polangui, Albay, Philippines: Identification of Its Significant Cultural Properties. Bicol University R & D Journal, 22(1).
**[33]** Buted, D. R., Gillespie, N. S., Conti, J. B., Delgado, B. A., Marasigan, R. P., Rubico, S. A. & Felicen, S. S. (2014). Effects of Social Media in the Tourism Industry of Batangas Province. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 2(3).